Pangalan: ______________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

**Epiko sa mga Akdang Pampanitikan ng Mindanao**

**I. Panuto:** Anong katangian ng mga tauhan sa binasang akda ang nananaig batay sa tono at paraan ng kanilang pananalita at pagkilos? Isulat ang sagot sa patlang.

**Halimbawa:**

"Paano nakaya ng isang tao na ganito kabata na patayin ang buwaya?" (pagkamangha)

1. "Si Prinsipe Bantugan ang dapat maging hari. Siya lang ang maaaring magtanggol sa atin sa lahat ng ating kaaway." ______________________

2. "Tama lang na si Prinsipe Madali, ang panganay kong kapatid, ang maging bagong hari ng kaharian." ______________________

3. "Simula sa araw na ito ay walang kahit sinong makikipag-usap sa aking kapatid na si Prinsipe Bantugan. Sinuman ang makitang nakikipag-usap sa kaniya ay ipakukulong at parurusahan nang malubha." ______________________

4. "Nabalitaan ni Haring Madali ang nangyari sa kapatid. Agad siyang lumipad patungo sa langit upang bawiin ang kaluluwa nito." ______________________

5. "Nang malaman ni Haring Miskoyaw, dating kaaway ni Haring Madali, na patay na si Bantugan ay dagli siyang nagpadala ng maraming kawal upang salakayin ang Bumbaran." ______________________

**II. Panuto:** Ikahon ang bagay, maaaring salita o parirala, na sumisimbolo sa kabuoan ng bawat pahayag. Pagkatapos ay ipaliwanag ito. Isulat ang sagot sa patlang.

**Halimbawa:**

Tulad ng isang [bulaklak] ang kaniyang ganda. <u>busilak at kaakit-akit na kagandahan</u>

1. Ang kaniyang mukha ay tulad ng isang nimpang makalangit.

______________________________________________________________________

2. Halos madurog ang puso ko sa kaniyang kalupitan.

______________________________________________________________________

3. Para silang pinagbiyak na bunga ng santol.

______________________________________________________________________

4. Simbilis ng kidlat ang kaniyang pagtugon.

______________________________________________________________________

5. Walang tigil ang pagpatak ng kaniyang luha bilang paghingi ng tawad.

______________________________________________________________________

**III. Panuto:** Ano ang sinisimbolo ng mga pahayag na nakasalungguhit sa bawat pangungusap? Isulat ang sagot sa patlang.

1. Nang makita ni Martin ang kaniyang inang nakaratay sa ospital ay agad siyang <u>tinamaan ng lungkot</u>.

______________________________________________________________________

2. <u>Sagitsit ng kidlat</u> ang pagpunta ni Marta sa presinto nang malaman niyang hinuli ng mga pulis ang anak niya.

______________________________________________________________________

3. Takot ang mga kabarangay ni Merto sa kaniya dahil sa kaniyang tapang, matipunong pangangatawan, at mga <u>bakal na bisig</u>.

______________________________________________________________________

4. Sa sobrang galit ng ama ni Rafael sa pagbubulakbol ng panganay na kapatid, naririnig ni Rafael mula sa kaniyang kuwarto ang sermon ng kaniyang ama na tulad ng <u>tinig ng kulog</u>.

______________________________________________________________________

5. Nagalit ang dagat kaya <u>isinaboy ng dagat ang kanilang mga balisang gaod</u>.

______________________________________________________________________